

Taunang Ulat
2026

Buod para sa mga Tagapagpasya

LUPON PARA SA
PAGKILATIS
BATAY SA
LAHI AT
PAGKAKAKILANLAN

BUOD PARA SA MGA TAGAPAGPASYA

Ikinagagalak ng Lupon ng mga Tagapayo para sa Batas ng California laban sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan (California's Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan Act, RIPA) na ilabas ang ikasiyam nitong taunang ulat bilang pagsusulong ng kautusang lehislatibo na nag-uutos sa kanila na wakasan ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan at pagbutihin ang pagkakaiba-iba at pagkasensitibo sa lahi sa pagpapatupad ng batas. Sinisiyasat ng ulat ngayong taon ang ugnayan ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan at kaligtasan ng publiko, at sinusuri ang mga salik na puwedeng makatulong sa kaligtasan ng publiko.

Sinusuri ng ulat ang humigit-kumulang 5.1 milyong pagpapahinto at 13,000 reklamo ng sibilyan na iniulat ng 533 na ahensyang tagapagpatupad ng batas noong 2024 upang maunawaan ang lawak at uri ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa California. Gaya ng ipinakita sa 2026 na Ulat, ipinapakita ng datos na ito, katulad sa mga nakaraang ulat, na nananatiling alalahanin na dapat tugunan ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa California. Ipinapakita ng datos noong 2024 ang patuloy na mga pagkakaiba sa bilang at uri ng mga pagpapahinto para sa mga indibidwal na itinuturing na Black, Native American, at Hispanic/Latine(x), at ang napakababang rate ng mga reklamong napatunayang may pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan.

Gaya ng mas detalyadong tinalakay sa Taunang Ulat 2026, sinusuri ng Lupon ang pinakabagong datos ng mga pagpapahinto at reklamo ng sibilyan upang matukoy kung may mga paulit-ulit na pattern sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan, at kung may inilalantad ang datos na mga isyu sa sistema na nangangailangan ng reporma. Sakop ng pagsusuri ng Lupon ang malawak na hanay ng mga paksa, kabilang ang epektibong paggamit ng mga ahensyang sibilyan sa pagbabantay, ang bisa ng mga polisiya na naglilimita sa mga paghinto na ginawa lamang bilang dahilan, at ang paggamit ng mga teknolohiyang pangmanman, gaya ng mga automated license plate reader. Kasama rin sa ulat ang na-update na pagsusuri ng datos ng pag-aalis ng sertipikasyon ng mga opisyal na tagapamayapa sa ilalim ng Senate Bill (SB) 2 na tinipon ng Komisyon sa mga Pamantayan at Pagsasanay ng mga opisyal na Tagapamayapa (Peace Officer Standards and Training, POST). Batay sa mga pagsusuring ito, gumagawa ang Lupon ng siyam na rekomendasyon para sa Lehislatura, mga lokal na gumagawa ng polisiya, POST, at mga ahensyang sibilyan sa pagbabantay upang tugunan ang mga pagkakaibang natukoy sa buong gawain ng Lupon.

Lalong mahalaga ang gawain ng Lupon dahil sa mga kamakailang aksyon ng pederal na tagapagpatupad ng imigrasyon. Habang ipinagbabawal ng RIPA ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ng estado at lokal, ang pagbabawal na ito ay hindi naaangkop sa mga opisyal na tagapamayapa ng pederal na pamahalaan. Ang kawalan ng ganitong mga limitasyon sa *pederal* na pagpapatupad ng batas ay nagpapakita ng napakahalagang pangangailangan para sa Lupon na tulungan ang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ng *estado at lokal* na makibagay sa sitwasyon na kinakaharap ng ating mga residente, pati na rin ang mga paraan upang mabawasan o tuluyang wakasan ang ganitong pagkilatis sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ng estado at lokal. Noong Oktubre 2025, nagtipon ang Lupon upang talakayin ang mga pag-unlad na ito, repasuhin ang tungkulin na makialam kapag nalalabag ang mga karapatang pantao sa konstitusyon, at tuklasin ang mga paraan upang suportahan ang mga opisyal ng estado at lokal na pagpapatupad ng batas sa pagprotekta sa magkakaibang populasyon ng California, kung saan higit sa isang-kapat ang mga imigrante. Ipinapakita ng Taunang Ulat 2026 ang pangako ng Lupon sa mga ito at sa lahat ng mamamayan ng California, at sa paghahanap ng mga praktikal at batay sa ebidensiyang solusyon upang mabawasan o tuluyang alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa loob ng California.

Pagsusuri ng Datos ng mga Pagpapahinto


Nagsisimula ang Ulat RIPA 2026 sa pagsusuri ng datos ng mga pagpapahinto na tinipon ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas sa California sa loob ng taong kalendaryo ng 2024. Sa kabuuan, nagsagawa ang 533 ahensyang tagapagpatupad ng batas sa California ng kabuuang 5,065,428 pagpapahinto, na kumakatawan sa pagtaas sa kabuuang bilang ng mga pagpapahinto ngunit pagbaba sa bilang ng mga ahensyang nag-ulat kumpara noong 2023.¹ Sinimulan ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas ang napakalaking bahagi ng mga

¹ May mga taunang pagbabago-bago sa bilang ng mga ahensyang nag-uulat ng mga pagpapahinto sa ilalim ng RIPA dahil sa iba't ibang dahilan. Halimbawa, may ilang ahensya na napakaliit at walang anumang pagpapahintong maiuulat, habang ang iba naman ay hindi nakapagsumite ng datos bago ang itinakdang huling araw ng pag-uulat.

pagpapahinto (91.13% ng lahat ng pagpapahinto), kumpara sa mga tawag para sa serbisyo (8.87% ng lahat ng pagpapahinto). Karamihan sa mga pagpapahinto ay sinimulan dahil sa mga paglabag sa trapiko (84.18% ng mga pagpapahinto), na sinundan ng makatuwirang hinala ng gawaing kriminal (11.13% ng lahat ng pagpapahinto) at iba pang mga dahilan² (pinagsama, 4.69% ng lahat ng pagpapahinto).

Iniulat ng mga opisyal na ang karamihan sa mga indibidwal na pinahinto noong 2024 ay itinuturing na Hispanic/Latine(x) (43.31% ng mga taong pinahinto), na sinundan ng White (31.28%), Black (12.09%), Asian (5.87%), Middle Eastern/South Asian (5.43%), Multiracial (1.23%), Pacific Islander (0.53%), at Native American (0.26%).

Porsyento ng Lahat ng Pagpapahinto Batay sa Napansing Lahi/Etnisidad




Porsyento ng Lahat ng Pagpapahinto

Ipinapakita ng paghahambing ng tinatayang demograpiko ng mga taong pinahinto sa demograpiko ng populasyong naninirahan sa California ang kapansin-pansing pagkakaiba. Halimbawa, ang mga indibidwal na itinuturing na Black ay pinahinto nang 127.87% na mas madalas kaysa sa inaasahan, at ang mga indibidwal na itinuturing na Pacific Islander ay pinahinto nang 57.53% na mas madalas kaysa sa inaasahan, batay sa populasyon ng Estado. Ang mga natuklasang ito ay halos katumbas ng mga natuklasan ng Lupon ng R IPA sa Ulat 2025.

2 Kapag nag-uulat ng dahilan para sa isang pagpapahinto sa ilalim ng RIPA, kailangang pumili ang mga opisyal mula sa listahan ng sampung opsyon, kabilang ang mga paglabag sa trapiko at makatuwirang hinala ng gawaing kriminal. (Cal. Code Regs. tit. 11, § 999.226, subd. (a)(14).) Para sa layunin ng ulat na ito, ang “ibang mga dahilan” ay tinutukoy bilang ang natitirang walong dahilan na puwedeng piliin ng opisyal bilang “dahilan ng pagpapahinto,” kabilang ang: kaalaman na ang taong pinahinto ay nasa parole/probation/post-release community supervision/mandatory supervision; kaalaman sa umiiral na warrant ng pag-aresto/wanted person; imbestigasyon para tukuyin kung ang taong pinahinto ay lumiliban sa paaralan; boluntaryong pakikipag-ugnayan at paghahalughog; posibleng asal na may kaparusahan sa ilalim ng Education Code; pagtukoy kung nilabag ng isang estudyante ang polisiya ng paaralan; makatuwirang dahilan para arestuhin o halughugin; at makatuwirang dahilan para ilagay sa kustodiya sa ilalim ng Welfare and Institution Code Seksyon 5150.

Mga Pagkakaiba sa mga Pagpapahinto Batay sa Napansing Lahi at Etnisidad



Napansin ng Lupon ang mga karagdagang pagkakaiba sa mga aksyong isinagawa sa mga pagpapahinto, kung saan iniulat ng mga opisyal na pinakamataas ang karaniwang bilang ng mga aksyon sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Black at Native American. Iniulat ng mga opisyal na pinakamadalas na walang isinasagawang aksyon sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Middle Eastern/South Asian o Asian, at pinakamadalang naman sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Native American at Black. Kung ihahambing sa iba pang napansing lahi at etnisidad, iniulat ng mga opisyal na mas madalas nilang ginamit ang puwersa sa mga pagpapahinto ng mga indibidwal na itinuturing na Native American, Black, o Hispanic/Latine(x).

Karamihan sa mga pagpapahinto noong 2024 ay humantong sa pagbibigay ng citation (46.96%), sinundan ng nakasulat o pasalitang babala (34.58%), at pag-aresto (12.42%). Mas mababa sa 6% ng mga pagpapahinto ang nagresulta sa walang anumang aksyong isinagawa. Iniulat ng mga opisyal ang pinakamataas na rate ng pag-aresto para sa mga indibidwal na itinuturing na Native American (24.32%, 3,231 pagpapahinto) at Black (16.41%, 100,500 pagpapahinto), kung ihahambing sa iba pang napansing lahi o etnisidad. Iniulat din ng mga opisyal na pinakamadalas na walang isinasagawang aksyon sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Black (7.24%, 44,322 pagpapahinto) at Native American (6.91%, 918 pagpapahinto), at pinakamadalang naman sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Middle Eastern/South Asian (2.88%, 7,923 pagpapahinto) at Asian (3.31%, 9,831 pagpapahinto).

Bilang karagdagan sa napansing lahi at etnisidad, sinusuri rin ng Ulat na ito ang mga dahilan ng pagpapahinto, mga aksyong isinagawa habang may pagpapahinto, at kinalabasan ng pagpapahinto batay sa napansing kasarian, edad, katayuan sa kapansanan, kahusayan sa Ingles, oryentasyong sekswal, at sa kauna-unahang pagkakataon, napansing katayuan sa pabahay. Ipinapakita ng datos noong 2024 ang kapansin-pansing mga pagkakaiba sa buong proseso ng pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na walang tahanan. Partikular na, mas madalas na pinahinto ang mga taong itinuturing na walang tahanan dahil sa makatuwirang hinala kaysa sa anumang iba pang grupong demograpiko (64.80% ng mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na walang tahanan). Iniulat din ng mga opisyal na mas maraming aksyon ang isinagawa habang

pinahinto ang mga indibidwal na itinuturing na walang tahanan kumpara sa ibang grupong demograpiko, at mas madalas ding gumamit ng puwersa laban sa kanila. Dagdag pa rito, iniulat ng mga opisyal na halos kalahati ng mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na walang tahanan ay nagresulta sa pag-aresto (47.32% ng mga pagpapahinto), na nangangahulugang mas madalas maaresto ang mga taong itinuturing na walang tahanan kaysa sa anumang ibang grupong demograpiko.

Kasama rin sa Ulat ang iba pang pagsusuri ng datos ng R IPA noong 2024, kabilang ang:

- **Paraan ng paglalakbay** — Isang pagsusuri sa paraan ng paglalakbay ng mga taong pinahinto (hal., sasakyan, bisikleta, o naglalakad), na nagpapakita na nag-iiba ang karanasan ng mga pinahinto depende sa paraan ng transportasyon, na may mga pagkakaiba batay sa napansing lahi o etnisidad sa mga uri ng aksyong isinagawa at sa rate ng paghahanap at natuklasan depende sa paraan ng paglalakbay;
- **Paghahalughog na may pahintulot** — Isang pagsusuri sa dalas ng mga paghahalughog na may pahintulot, sa mga ibinigay na dahilan ng pahintulot, at sa rate ng natuklasan sa mga ganitong paghahalughog, na nagpapakita na:
 - Pinakamadalas ang paghahalughog na may pahintulot lamang sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Hispanic/Latine(x) (15.12% ng mga paghahalughog, 36,045 pagpapahinto) at Asian (13.85%, 1,670 pagpapahinto), at pinakamababa naman sa mga itinuturing na Native American (7.39%, 175 pagpapahinto) at Black (9.39%, 9,042 pagpapahinto);³
 - Sa pangkalahatan, ang mga paghahalughog na may pahintulot ay nagbigay ng mas mababang rate ng natuklasan (20.30%) kaysa sa mga paghahalughog na hindi batay sa pagpapasya (26.40%); at
 - Iniulat ng mga opisyal na ang pinakamababang rate ng natuklasan sa mga paghahalughog na may pahintulot ay sa mga indibidwal na itinuturing na Black (16.59%) at Native American (18.29%), at pinakamataas naman sa mga itinuturing na Pacific Islander (25.26%) at White (24.16%);
- **Pagpapahintong sinimulan ng opisyal vs. tawag para sa serbisyo** — Isang paghahambing ng kinalabasan ng pagpapahinto para sa mga tawag sa serbisyo at mga pagpapahintong sinimulan ng opisyal, na nagpapakita na, sa kabuuan, mas madalas na nagreresulta sa pag-aresto ang mga pagpapahintong sinimulan sa pamamagitan ng tawag para sa serbisyo (53.02% ng mga pagpapahinto sa tawag para sa serbisyo, 238,201 pagpapahinto) kumpara sa mga pagpapahintong sinimulan ng opisyal (8.47% ng mga pagpapahintong sinimulan ng opisyal, 391,124 pagpapahinto);
- **Ugnayan ng mga aksyong isinagawa sa isang pagpapahinto at ang kinalabasan ng pagpapahinto** — Isang pagsusuri sa ugnayan ng mga aksyon sa loob ng pagpapahinto (isang “co-occurrence” na pagsusuri), na sinusuri kung paano magkakaugnay ang iba’t ibang elemento ng isang pagpapahinto sa bawat grupong demograpiko. Halimbawa, bagama’t karaniwang mas mataas ang posibilidad na maaresto ang mga taong tinuturing na Black pagkatapos ng pagpapahinto, mas madalas pa rin silang hinahalughog at pinoposasan kaysa sa inaasahan, kahit isaalang-alang ang mas mataas na posibilidad ng pag-aresto;
- **Terry frisks** — Isang pagsusuri sa napansing demograpiko ng mga *Terry frisks*⁴ noong 2024. Ipinapakita ng datos ng pagpapahinto noong 2024 na isinagawa ng mga opisyal ang *Terry frisks* sa humigit-kumulang 1.75% ng lahat ng pagpapahinto. Pinakamadalas itong isinagawa sa mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Black at Hispanic/Latine(x). Sa iba pang mga grupong demograpiko, pinaka-karaniwan din ang *Terry frisks* sa mga indibidwal na itinuturing na transgender na lalaki/bata, nasa edad na 10-17, LGB+, o may kapansanan, limitadong kahusayan sa Ingles, o walang tahanan.

3 Kapansin-pansin, at gaya ng binanggit sa Ulat, mas mababa ang tsansa na *hilingin ang pahintulot* sa paghahalughog sa mga indibidwal na itinuturing na Asian (1.19% ng lahat ng pagpapahinto, 3,523 pagpapahinto) kumpara sa mga indibidwal na itinuturing na Black (3.52% ng lahat ng pagpapahinto, 21,528 pagpapahinto) o Hispanic/Latine(x) (3.39% ng lahat ng pagpapahinto, 74,295 pagpapahinto).

4 Ang *Terry v. Ohio* pat/frisk (na tinatawag ding *Terry frisk*) ay isang paghahalughog para sa armas, na nangyayari kapag kinakapakan ng opisyal ang damit ng isang indibidwal para tukuyin kung, batay sa makatuwirang hinala ng opisyal, may dala itong armas. (Tingnan ang *Terry v. Ohio* (1968) 392 U.S. 1.)

- **Tagal ng Pagpapahinto** — Isang pagsusuri sa karaniwang tagal ng mga pagpapahinto kung saan walang aksyong isinagawa habang may pagpapahinto at kung saan walang aksyong isinagawa bilang resulta ng pagpapahinto, na hinati batay sa napansing demograpiko (lahi/etnisidad, kasarian, edad, kapansanan, oryentasyong sekswal, katayuan sa pabahay, at kahusayan sa Ingles). Sa pangkalahatan, parehong uri ng pagpapahinto ang pinakamatagal para sa mga indibidwal na itinuturing na Native American, Pacific Islander, transgender, nasa edad 10-17, may kapansanan, o walang tahanan. Ang mga taong itinuturing na LGB+ o may limitadong kahusayan sa Ingles ay pinahinto sa halos parehong haba ng oras gaya ng mga itinuturing na straight kapag walang aksyong isinagawa habang may pagpapahinto, ngunit mas matagal naman silang pinahinto kapag may aksyong isinagawa bilang resulta ng pagpapahinto.
- **Napansing Kahusayan sa Ingles** — Isang pagsusuri sa mga pagkakaiba batay sa napansing kahusayan sa Ingles ayon sa napansing lahi at grupong pagkakakilanlan upang mas maunawaan kung paano maaaring makaapekto ang mga hadlang sa wika sa pakikisalamuha sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas. Lalo itong mahalaga ngayong taon sa pagsusuri ng Lupon dahil isinasaalang-alang nito ang epekto ng mga aksyon ng pederal na tagapagpatupad ng imigrasyon sa mga mamamayan ng California. Sa madaling salita, ipinapakita ng datos ng pagpapahinto noong 2024 na mas madalas na itinuturing ng mga opisyal na limitado o walang kahusayan sa Ingles ang mga indibidwal na itinuturing na Hispanic/Latine(x), Asian, cisgender na lalaki/bata, nasa edad 1-9, straight, o may kapansanan o walang tahanan.
- **Kinalabasan ng pagpapahinto ayon sa ahensya at rehiyon** — Isang pagsusuri ng datos ng RIPA ayon sa ahensya at rehiyon upang maunawaan kung paano nakakaapekto ang mga katangian ng ahensya at rehiyon sa mga pagpapahinto. Pinag-aaralan muna ng Lupon ang mga interseksyon ng lahi, rehiyon, at uri ng ahensya, kasunod ang mga interseksyon ng mga aksyong isinagawa habang at dahil sa mga pagpapahinto ayon sa rehiyon, at sa huli, ang paggamit ng limitadong puwersa ayon sa rehiyon at uri ng ahensya. Ipinapakita ng datos ng pagpapahinto noong 2024, sa bahagi, na:
 - **Uri ng Ahensya.** Nag-iiba ang napansing lahi o etnisidad ng mga indibidwal na pinahinto, ang rate ng mga paghahalughog na may pahintulot, at ang mga aksyong isinagawa habang may pagpapahinto batay sa uri ng ahensya (hal., pulisya, sheriff's department, K-12, kolehiyo, atbp.).
 - Ang mga indibidwal na itinuturing na Black, Hispanic/Latine(x), o White ay pinahinto rin sa iba't ibang rate depende sa uri ng ahensya. Ang mga indibidwal na itinuturing na Black ay labis na representasyon sa mga pagpapahinto ng pulisya, K-12 school, at kolehiyo, kumpara sa mga sheriff's department. Karaniwang mas mataas ang labis na representasyon ng mga pagpapahinto sa mga taong tinuturing na Hispanic/Latine(x) sa mga pulisya kumpara sa mga sheriff's department, kapag pantay ang lahat ng iba pang salik. Sa kabilang banda, mas mababa naman ang bahagi ng mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Hispanic/Latine(x) sa mga college police department kumpara sa porsyento ng Hispanic/Latine(x) sa kanilang mga county.
 - Ipinakita lamang ng mga paghahalughog na may pahintulot lamang ang makabuluhang pagkakaiba batay sa uri ng ahensya, at hindi batay sa rehiyon. Partikular na, ang mga pulisya, K-12 school, kolehiyo, at iba pang ahensya ay may mas mababang rate ng paghahalughog na may pahintulot lamang kumpara sa mga sheriff's department.
 - Kung pantay-pantay ang ibang salik, iniulat ng pulisya ang mas maraming pagpapahinto kung saan isinagawa ang aksyon kumpara sa mga sheriff's department noong 2024.
 - **Ukat ng ahensya.** Nagkaroon din ng pagkakaiba sa napansing lahi o etnisidad ng mga indibidwal na pinahinto depende sa laki ng ahensya.
 - Ang malalaking pulisya, anuman ang uri, ay mas madalas na nagpapahinto ng labis na bahagi ng mga indibidwal na itinuturing na Black. Dagdag pa rito, sa mas malalaking ahensya, mas mataas ang bahagi ng kanilang mga pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na Black kaysa sa porsyento ng Black na indibidwal sa kanilang mga county.

- Mas madalas din na iulat ng malalaking pulisya ang mga pagpapahinto kung saan may isa o higit pang aksyon na isinagawa.
 - Mas madalas din gumamit ng puwersa ang mas malalaking pulisya sa mas malaking bahagi ng mga kaso, kung pantay-pantay ang ibang salik.
 - Mas mataas din ang porsyento ng mga pagpapahinto na nagreresulta sa pag-aresto sa 2024 sa mas malalaking pulisya, kung isasaalang-alang ang katangian ng ahensya at rehiyon.
- o **Mga panrehiyong pagkakaiba.** Nakita rin ng Lupon ang makabuluhang pagkakaiba sa demograpiko ng mga pagpapahinto sa iba't ibang rehiyon.
- **Mga County sa Northern California at Southern California.** Mas mataas ang rate ng pagpapahinto sa mga taong tinuturing na Black kaysa sa inaasahan batay sa kanilang bahagi sa populasyon, lalo na sa Bay Area, habang ang mga county sa Southern California ay karaniwang nagpapahinto ng labis na bilang ng mga taong tinuturing na Hispanic/Latine(x) kumpara sa kanilang bahagi sa populasyon ng county. Karaniwang nagpapahinto ang mga county sa Northern California ng labis na bahagi ng mga taong tinuturing na White, habang ang mga lugar sa Bay Area at mas katimugan ay mas madalang namang nagpapahinto ng mga indibidwal na itinuturing na White.
 - **Mga pagpapahinto ng county.** Malaki ang pagkakaiba-iba sa bilang ng mga aksyong isinagawa habang may pagpapahinto sa iba't ibang county sa buong estado. Malaki rin ang pagkakaiba-iba ng rate ng pag-aresto sa buong estado, na mas mataas sa Northern Coast kumpara sa ibang bahagi ng estado. Gayunpaman, pantay-pantay ang pamamahagi ng mga paghahalughog na may pahintulot sa buong mga county. Tungkol sa paggamit ng puwersa, tatlong county sa Northern Coast (Trinity, Del Norte, at Humboldt) ang may pinakamataas na rate ng mga pagpapahinto na may limitadong puwersa (ang pinakakaraniwang uri ng puwersa na iniulat noong 2024), na bawat isa ay nag-ulat ng limitadong puwersa sa higit sa 30% ng mga pagpapahinto kung saan ginamit ang puwersa.
 - **Sukat ng populasyon.** Karaniwang nakakakita ng mas mataas na labis na representasyon sa mga pagpapahinto ang mga ahensya sa mga county na may mas malaking bahagi ng populasyong Black, kahit na ang epekto nito ay bahagya lamang na makabuluhan. Sa pangkalahatan, mas madalang gumamit ng puwersa ang mga ahensya sa mga county na may mas malaking populasyon, at mas mababa rin ang bahagi ng mga pagpapahinto na nagreresulta sa pag-aresto.
- Sa kabilang banda, ang mga ahensya sa mga micropolitan area ay mas madalang na nagpapahinto ng mga indibidwal na itinuturing na Hispanic/Latine(x) kumpara sa mga metropolitan statistical area.⁵ Dagdag pa rito, karaniwang nag-uulat ang mga ahensya sa mga county na kabilang sa micropolitan statistical area ang mas maraming pagpapahinto kung saan isinagawa ang kahit isang aksyon, mas madalang gumamit ng puwersa sa kanilang mga pagpapahinto, at nag-uulat ng mas mataas na rate ng pag-aresto kumpara sa mga ahensya sa metropolitan statistical area.
- **Gitnang kita.** Karaniwang nagpapahinto ang mga ahensya sa mga county na may mas mataas na gitnang kita ng mga indibidwal na tinuturing na Black sa mas mataas na rate. Bukod dito, ang mga ahensya sa mga county na may mas mataas na gitnang kita ay kadalasang gumagamit ng puwersa sa mas mababang rate at nag-uulat ng mas mababang bahagi ng mga pagpapahinto na nagtatapos sa pag-aresto kumpara sa mga county na may mas mababang gitnang kita.

Dahil sa kahalagahan ng datos ng RIPA, at sa dami ng mga pagsusuri na maaaring maging interesado ang mga miyembro ng komunidad, inirerekomenda ng Lupon sa pagtatapos ng kabanatang ito na gumawa ang California DOJ ng isang RIPA data dashboard na maaaring ma-access ng publiko.

5 Ang metropolitan at micropolitan statistical area ay tinutukoy ng United States Census Bureau. Ang "metropolitan statistical area" ay mga urbanisadong lugar na may populasyong higit sa 50,000 residente at ang mga nakapalibot na county na may malakas na koneksyon sa pagco-commute. Ang "micropolitan statistical area" ay mga urban cluster na may 10,000–49,999 residente sa cluster na iyon, kasama ang mga nakapalibot na county.

Mga Reklamo ng Sibilyan


Sinusuri ng kabanatang ito ng ulat ang bilang at kinalabasan ng mga reklamo ng sibilyan na natanggap ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas sa California noong 2024. Sa pangkalahatan, bumaba ang bilang ng mga natanggap na reklamo noong 2024, sa kabila ng matatag na bilang ng mga nag-uulat na ahensya:

- Kabuuang 13,004 na reklamo ang naiulat ng 526 na ahensyang tagapagpatupad ng batas noong 2024, kumpara sa 2023 kung saan 526 na ahensya ang nag-uulat ng 14,444 na reklamo.
- Humigit-kumulang 17.5 porsyento ng mga reklamo na iyon (2,282 reklamo) ang naglalaman ng mga alegasyon ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan, na kumakatawan sa malaking pagtaas mula 2023 nang humigit-kumulang 9.7 porsyento ng lahat ng reklamo (1,405 reklamo) ang naglalaman ng mga ganitong paratang.
- Karamihan sa mga reklamo ng pagkilatis na natanggap noong 2024 (1,803 reklamo, o 79% ng mga reklamo ng pagkilatis) ay nag-aakusa ng pagkilatis batay sa lahi o etnisidad.


Kapansin-pansin, napagtibay ang mga reklamo tungkol sa pagkilatis sa mas mababang rate kaysa sa pangkalahatang reklamo — habang humigit-kumulang 9.64 na porsyento ng lahat ng reklamo (939 na reklamo) ang napagtibay, 0.19 porsyento lamang ng mga reklamo sa pagkilatis (3 reklamo) ang napagtibay noong 2024. Ito ay katugma ng, ngunit bahagyang mas mababa kaysa sa rate ng mga napagtibay na reklamo sa pagkilatis noong 2023 (0.32% ng mga reklamo sa pagkilatis, o 4 na reklamo, ang napagtibay).

Pamamahagi ng Desisyon ng mga Reklamo noong 2024

Kabuuang Reklamong Naabot ang Disposisyon noong 2024



Mga Reklamo Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan na Naabot ang Disposisyon noong 2024



Nag-aalala ang Lupon sa mababang bilang ng mga napagtibay na reklamo—lalo na ng mga reklamo tungkol sa pagkilatis—at nilalayon nitong masusing suriin ang mga panloob na proseso ng mga ahensya sa ilalim ng RIPA sa pangongolekta, pagsisiyasat, at pagdedesisyon sa kinalabasan ng mga reklamo sa isang susunod na ulat, upang matukoy kung anong mga salik ang maaaring nag-aambag sa pagkakaibang ito.

Wikang Pampigil sa mga Form ng Reklamo

Nagtatapos ang kabanatang ito sa pamamagitan ng pag-update sa mga nakaraang rekomendasyon ng Lupon na tanggapin ang mga reklamong walang pagkakakilanlan at alisin ang wikang pampigil sa mga form ng reklamo ng sibilyan. Partikular, sa mga nakaraang ulat, ipinahayag ng Lupon ang pag-aalala na ang Penal Code seksyon 148.6, subdivision (a) — na nag-uutos sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas na hilingin sa mga nagrereklamo na basahin at lagdaan ang isang nakasulat na pahayag na nagsasaad, sa bahagi, na: “KUNG MAGREREKLAMO KA LABAN SA ISANG OPISYAL NA ALAM MONG HINDI TOTOO, MAAARI KANG MAHATULAN SA ISANG KASONG MISDEMEANOR” (orihinal na pagdiriin) — maaaring humadlang sa mga tao na magsumite ng totoong reklamo laban sa mga tagapagpatupad ng batas. Ngayong taon, napagpasyahan ng California Supreme Court na labag sa konstitusyon ang Penal Code seksyon 148.6, subdivision (a) (*Los Angeles Police Protective League v. City of Los Angeles*, Cal. Case No. S275272). Dahil sa bagong desisyong ito, nilalayan ng Lupon na suriin ang epekto nito, at ang posibleng pangangailangan para sa karagdagang mga rekomendasyon, sa isang susunod na ulat.

Mga Polisiya sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan sa Estado at Lokal

Ngayong taon, sinusuri ng kabanata sa Polisiya kung paano nakakaapekto ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan ng mga opisyal ng batas sa pampublikong kaligtasan. Itinatagda ng Lupon ang pampublikong kaligtasan nang holistiko bilang “ang sama-samang karanasan ng pagiging ligtas o protektado mula sa banta sa sariling buhay o kabutihan,” at ipinaliliwanag ang mga paraan kung paano maaaring makaapekto ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan sa pampublikong kaligtasan (kabilang ang epekto sa pampublikong kalusugan, gastos sa ekonomiya, at pakikilahok sa sibikong buhay). Sa madaling salita, ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapahinto para sa imbestigasyon na batay sa pagpapasya ng mga tagapagpatupad ng batas ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa kalusugan, na higit na nakakaapekto sa mga komunidad na hindi puti; na ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan ay maaaring magdulot ng mas mataas na pampublikong gastos, tulad ng mga legal na kasunduan o dagdag na budget upang suportahan ang mas malaking presensya ng pulis, na maaaring hindi magdulot ng reporma o pagbaba ng krimen; at na ang negatibo at pagpapahinto para sa imbestigasyon na batay sa pagpapasya ng mga tagapagpatupad ng batas ay maaaring magdulot ng pakiramdam ng kawalan ng tiwala, na maaaring magresulta sa pag-aalinlangan na magsumbong ng krimen o lumahok bilang saksi sa sistema ng hustisyang kriminal. Bawat isa sa mga epekto na ito ay maaaring magpababa ng karanasan ng isang komunidad sa pampublikong kaligtasan.

Susunod, sinusuri ng kabanatang ito kung paano maaaring mabawasan ng labis na presensya ng pulisya, na nakaugat sa pagkilatis batay sa lahi, ang pampublikong kaligtasan. Pagkatapos magbigay ng maikling pangkalahatang ideya tungkol sa kalikasan at pinagmulan ng labis na presensya ng pulisya, sinusuri ng Lupon ang dalawang mekanismo kung paano ito isinasagawa: (1) mga alternatibong teknolohiya sa pagpapatupad ng batas; at (2) mga pagpapahintong may nakatagong layunin.

- **Mga alternatibong teknolohiya sa pagpapatupad ng batas.** Una, tinatalakay ng Lupon kung paanong ang mga alternatibong teknolohiya sa pagpapatupad ng batas, tulad ng mga sistema ng automated license plate reader (ALPR), mga aparato sa pagtukoy ng putok ng baril, mga teknolohiyang biometric tulad ng pagkilala sa mukha, at mga software para sa pampulisyang paggamit ng prediksiyon, ay ipinakilala bilang paraan upang mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay sa lahi sa pakikisalamuha sa pulis, ngunit sa katotohanan ay maaaring lalo pang palalain ang mga problema sa pagkiling sa pagpapatupad ng batas. Halimbawa, maaaring palalain ng gunshot detection technology ang isyu ng labis na pagpapatrolya ng pulisya, lalo na kung ito ay inilalagay sa mga lugar na dating tinuturing na may “mataas na antas ng krimen.” Dagdag pa rito, at mahalagang tandaan kaugnay ng mga raid sa imigrasyon ng pamahalaang pederal noong 2025, ang mga alternatibong teknolohiya sa pagpapatupad ng batas, tulad ng datos mula sa ALPR, ay maaaring magsapanganib sa ilang komunidad dahil sa labis na pagpapatrolya ng pulisya at/o deportasyon. Tinatapos ang seksyong ito sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga gastos ng alternatibong teknolohiya sa pagpapatupad ng batas, kaugnay sa kanilang kontribusyon sa pampublikong kaligtasan.

- **Mga pagpapahinto na may nakatagong layunin.** Pagkatapos, tinatalakay ng Lupon kung paano maaaring magpabuti sa pampublikong kaligtasan ang pag-aalis ng mga pagpapahinto na may nakatagong layunin. Batay sa mga nakaraang ulat, sinusuri ng Lupon ang mga paghahalughog na may pahintulot sa loob ng mga pagpapahinto sa trapiko noong 2024 ayon sa napansing lahi o etnisidad, at natuklasan na, katulad ng mga nakaraang taon, noong 2024, mas madalas humiling ng pahintulot ang mga opisyal na halughugin ang mga indibidwal na itinuturing na Black at Hispanic/Latine(x) sa mga pagpapahinto sa trapiko, kumpara sa iba pang lahi o etnikong grupo. At, tulad ng mga nakaraang taon, pinakamababa ang posibilidad na makadiskubre ng kontrabando sa mga indibidwal na itinuturing na Black kapag ang mga paghahalughog ay batay lamang sa pahintulot, kumpara sa mga paghahalughog na may pahintulot sa mga indibidwal mula sa ibang lahi at grupong etniko. Ipinapakita ng datos ng RIPA na hindi nagdudulot ng pagbaba ng krimen ang mga pagpapahinto na may nakatagong layunin at sa halip ay maaaring negatibong makaapekto sa karanasan ng mga komunidad sa kaligtasan.

Pinalalawak ng Lupon ang pagsusuring ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa ilang epekto, direkta man o di-direkta, ng mga pagpapahinto na may nakatagong layunin, kabilang ang mga pamamaril ng pulis sa panahon ng pagpapahinto sa trapiko at mga di-tuwirang pagkamatay na dulot ng paghahabol ng pulis, at pagkatapos ay tinatalakay ang epekto ng mga polisiya na naglilimita sa pagpapahinto na may nakatagong layunin sa iba't ibang hurisdiksyon. Partikular na, tinukoy ng Lupon ang ilang hurisdiksyon na nagpatupad ng mga polisiya na naglilimita sa mga pagpapahinto na may nakatagong layunin (kabilang ang San Francisco, Berkeley, at West Hollywood) at nagbigay ng updated na pagsusuri sa mga pagbabago sa polisiya na naglilimita sa pagpapahinto na may nakatagong layunin sa Los Angeles, North Carolina, at Virginia. Sa madaling salita, ipinapakita ng pananaliksik na naging epektibo ang mga patakarang naglilimita sa mga pagpapahinto na may nakatagong layunin sa Los Angeles, North Carolina, at Virginia, dahil pinahusay nito ang kaligtasan ng publiko habang sabay na binawasan ang mga insidente ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan. Sinusuportahan ng ipinakitang tagumpay ng mga patakarang ito ang rekomendasyon ng Lupon na limitahan o tuluyang alisin ang mga pagpapahinto na may nakatagong layunin sa California.

Pananagutan

Pinapalawig ng kabanata tungkol sa Pananagutan ang mga nakaraang ulat ng RIPA upang talakayin ang papel ng mga ahensya ng sibilyang pagsubaybay sa pampublikong kaligtasan at sinusuri ang na-update na datos tungkol sa mga aksyon sa pag-aalis ng sertipikasyon ng opisyal sa ilalim ng Senate Bill 2 (SB 2).

Sibilyang Pagsubaybay sa Pagpapatupad ng Batas

Nagsisimula ang kabanata sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangkalahatang ideya sa mga layunin ng sibilyang pagsubaybay, sa pag-unlad nito sa paglipas ng panahon, ang modernong uri ng mga ahensya ng sibilyang pagsubaybay (civilian oversight agencies, COAs), at isang pangkalahatang larawan ng sibilyang pagsubaybay sa California, kabilang kung alin sa labinlimang pinakamalalaking ahensyang tagapagpatupad ng batas ang may mga katawan ng sibilyang pagsubaybay at kung ano ang kapangyarihan ng mga ito. Tinukoy din ng kabanata ang mga posibleng kalakasan at kahinaan ng bawat uri ng COA, kabilang ang kanilang epekto sa pagkakaiba batay sa lahi at pagkakakilanlan sa pagpapatupad ng batas at sa pakiramdam ng pampublikong kaligtasan, ⁶pati na rin ang mga pangkalahatang prinsipyo na maaaring makatulong sa epektibong pagsubaybay at sa pag-aalis ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan ng pagpapatupad ng batas.⁷ Mahalagang tandaan, tinutukoy ng Ulat na ang datos ng RIPA ay isang hanay ng datos na inayos

- 6 Sa pangkalahatan, ipinapakita ng pananaliksik na ang lahat ng uri ng sibilyang pagsubaybay ay may kaugnayan sa pagbaba ng mga pagkakaiba batay sa lahi at pagkakakilanlan sa mga aksyong may mataas na pagpapasya ng pulis (tulad ng mga pag-aresto sa paglabag sa kaayusan). Gayunpaman, tanging ang mga mas matibay na COA (tulad ng mga COA na may kapangyarihang magsagawa ng independiyenteng imbestigasyon, gumawa ng konklusyon sa imbestigasyon, at magrekomenda ng disiplina) lamang ang may kaugnayan sa pagbaba ng mga pagkakaiba batay sa lahi at pagkakakilanlan sa aksyong may mababang pagpapasya ng pulis (tulad ng pamamaril ng pulis sa mga sibilyan).
- 7 Kasama sa mga prinsipyong iyon ang: (1) kalayaan mula sa pagpapatupad ng batas, mga politikal na aktor, o iba pang espesyal na interes; (2) malinaw na tinukoy at sapat na hurisdiksyon at kapangyarihan upang makamit ang mga layunin ng organisasyon; (3) agaran at sapat na access sa mga rekord at pasilidad; (4) lubusang pakikipagtulungan ng ahensyang pinangangasiwaan ng COA, upang magsagawa ng imbestigasyon at makakuha ng sapat na impormasyon; (5) patuloy na suporta mula sa mga stakeholder; (6) sapat na pondo at mga pinagkukunan para sa operasyon; (7) pagsusuri ng mga polisiya, pattern, at kasanayan kaugnay ng mga imbestigasyon sa reklamo; at (8) kumpidensyalidad, pagtatago ng pagkakakilanlan, at proteksyon laban sa pananagutan o paghihiganti.

ayon sa pamantayan na maaaring payagan ang mga COA na tasahin at pagbutihin ang mga kasanayan sa pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa pagkiling batay sa lahi at pagkakakilanlan.

Mga Rekomendasyon ng Lupon para sa mga ahensya ng Sibilyang Pagsubaybay

Batay sa talakayang ito, nagbibigay ang Lupon ng ilang rekomendasyon sa mga COA upang isama sa kanilang misyon ang pag-aalis ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan, suriin ang kanilang istruktura ayon sa mga prinsipyo ng mabisang pagsubaybay, tiyakin na may agaran at walang hadlang na access sila sa datos ng mga pagpapahinto at datos ng reklamo mula sa RIPA, at analisahin at subaybayan ang datos para tukuyin ang mga larangang nangangailangan ng pagbabago sa polisiya:

1. Dapat malinaw na isama ng mga COA ang pag-aalis ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan bilang bahagi ng kanilang mga pagsisikap na pataasin ang pampublikong kaligtasan.
2. Dapat tasahin ng mga COA kung taglay nila ang mga katangian ng isang mabisang ahensya ng sibilyang pagsubaybay, partikular ang mga tampok ng isang matibay na COA na kaugnay sa pag-aalis ng pagkiling batay sa lahi at pagkakakilanlan ng grupo sa parehong mataas at mababang pagpapasyang interaksyon, at palawakin o ipatupad ang mga salik na iyon alinsunod sa kanilang sariling modelo.
3. Dapat magkaroon ang mga COA ng agaran at walang hadlang na access sa datos ng RIPA at datos ng reklamo ng mamamayan ng kanilang ahensya, kabilang ang lahat ng pagpapahinto ng sasakyan at pedestrian at mga reklamo ng mamamayan na nag-aakusa ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan, pati na rin sa iba pang impormasyon na may kaugnayan sa kasong sinusuri, kasabay ng pagpapatupad ng lahat ng nararapat na proteksyon sa kumpidensyalidad.
4. Dapat analisahin ng mga COA ang datos ng RIPA para tukuyin ang anumang pagkakaiba batay sa lahi at pagkakakilanlan sa mga kasanayan ng pulisya, at kung mayroon man, magmungkahi ng pagbabago sa mga polisiya at kasanayan na naglalayong itama ang mga pagkakaibang ito at patuloy na subaybayan ang mga ito sa paglipas ng panahon.
5. Dapat bumuo ang mga COA ng karagdagang paraan upang magamit ang datos ng RIPA na naaayon sa kanilang modelo at misyon, at maghanap ng mga paraan upang palakasin ang kanilang umiiral na modelo.

SB 2 Pag-aalis ng Sertipikasyon ng Opisyal

Pagkatapos, bumabatay ang kabanata sa Pananagutan sa nakaraang Ulat sa pamamagitan ng pagbibigay ng updated na pagsusuri sa mga aksyon ng SB 2 pag-aalis ng sertipikasyon ng opisyal, kabilang ang mga bagong aksyong sinimulan noong 2025. Sa madaling salita, ipinapakita ng datos na:

Mula Enero 1, 2023 hanggang Disyembre 1, 2025, nakatanggap ang POST ng 41,586 ulat ng paglabag sa tungkulin ng opisyal mula sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas at direktang mga reklamo ng publiko na isinumite sa POST.

- Sa loob ng mga ulat na iyon, mayroong 47,363 hiwalay na alegasyon ng paglabag sa tungkulin. Tinatayang 30.73 porsyento ng mga alegasyon na iyon ang may kinalaman sa pagpapakita ng pagkiling. Ang natitira ay para sa pisikal na pang-aabuso/labing na paggamit ng puwersa (41.01%), pang-aabuso sa kapangyarihan (17.95%), pandaraya (8.60%), malubha o paulit-ulit na paglabag sa batas (7.64%), pang-aabusong sekswal (4.53%), hatol sa isang felony (1.63%), at iba pang seryosong paglabag sa tungkulin (1.79%).
- Hanggang Disyembre 1, 2025, nagsimula na ang POST ng mga aksyon sa sertipikasyon laban sa 651 opisyal, kabilang ang pansamantalang suspensyon na kalaunan ay binawi. Sa bilang na iyon, 285 ang kabilang sa ilang inilarawang kategorya ng paglabag sa tungkulin. Sa mga inilarawang kategorya ng paglabag sa tungkulin, 68.49 na porsyento ng mga pag-aalis ng sertipikasyon ang

kabilang sa malubha o paulit-ulit na paglabag sa batas, at 4.21 porsyento lamang ang naglalarawan ng pagpapakita ng pagkiling. Ang natitirang inilarawang paglabag sa tungkulin ay kinabibilangan ng pisikal na pang-aabuso/labis na paggamit ng puwersa (12.98%), kawalan ng katapatan (10.53%), sekswal na pang-aabuso (9.12%), pang-aabuso sa kapangyarihan (4.91%), at hindi pakikipagtulungan (0.70%). Wala pang opisyal na nasuspindi dahil sa pakikilahok sa isang gang ng tagapagpatupad ng batas o sa kabiguan na makialam kapag nasaksihan ang paggamit ng puwersa na malinaw na hindi kinakailangan.

- Mula sa nakaraang Ulat, may malaking pag-unlad sa pagsasara ng mga kasong ito. Hanggang Disyembre 1, 2025, naitalaga na sa mga imbestigador ng POST ang halos 90 porsyento ng mga kaso, at 77.94 porsyento nito ang naisara na. Kung ikukumpara, noong 2023, 20.64 porsyento lamang ng mga naitalagang kaso ang naisara.

Patuloy na susubaybayan ng Lupon ang mga paulit-ulit na pattern sa aksyon ng pag-aalis ng sertipikasyon ng opisyal sa mga susunod na ulat.

Pagsasanay at Pagre-recruit ng POST

Nagbibigay ang kabanata sa POST ng ulat ngayong taon ng mga update sa mga nakaraang rekomendasyon ng Lupon sa Komisyon sa Pamantayan at Pagsasanay ng mga Opisyal na Tagapamayapa (Commission on Peace Officer Standards and Training, POST), tinatalakay ang pakikilahok ng Lupon sa mga workshop ng POST kaugnay sa pagbuo ng mga panuntunan sa pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan at ang depinisyon ng “pag-uugaling may pagkiling” para sa layunin ng pag-aalis ng sertipikasyon ng opisyal, at sinisimulan ang pagsusuri ng Lupon sa Programa sa Pagsasanay sa Larangan ng POST.

Mga Update sa mga Rekomendasyon ng RIPA para sa 2025

Kaugnay sa mga rekomendasyon ng Lupon sa 2025 Ulat ng RIPA, bahagyang sumang-ayon ang Komisyon ng POST sa dalawang rekomendasyon: una, “[p]ormal na suriin ang Saklaw ng Pagkatuto (Learning Domain, LD) 3, *Makatarungang Pagpapatupad ng Batas sa Komunidad*, at LD 42, *Pagkakaiba-iba ng Kultura/ Diskriminasyon* sa mga komprehensibong pagsusulit ng Karaniwang Pangunahing Kurso;” at ikalawa, “[g]umawa ng mga gabay upang tulungan ang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas sa pagbuo ng mga pamamaraan para magsagawa ng maayos na imbestigasyon sa mga reklamo na nagsasabing may pagkiling, at mga gabay na tutulong sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas na iayon ang kanilang mga polisiya sa Penal Code § 13510.8.” Ngayong taon, ini-update ng mga kinatawan ng POST sa Lupon ang progreso ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito habang binubuo ang ulat na ito at tinukoy, sa madaling salita, na kasalukuyang isinasagawa ang pagpapatupad. Patuloy na susubaybayan ng Lupon ang pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito.

Pakikilahok ng Lupon sa POST sa Pagbuo ng “Mga Gabay sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan” at Tukuyin ang “Pag-uugaling May Pagkiling” para sa Layunin ng Sertipikasyon ng Opisyal

Nagbibigay rin ang ulat na ito ng update sa pakikilahok ng mga miyembro ng Lupon sa mga workshop ng POST kaugnay sa pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan. Dumalo ang mga miyembro ng Lupon ng RIPA sa tatlong workshop noong 2024 at 2025, na nakatuon sa pagbuo ng Mga Gabay ng POST sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan. Nakatuon ang dalawa sa mga workshop na iyon sa pagbuo ng “Mga Gabay sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan” ng POST, bilang pagtugon sa rekomendasyon ng Lupon noong 2023 na bumuo ng gabay para sa lahat ng pagsasanay ng POST na may kaugnayan sa RIPA. Nagsagawa ang POST ng dalawang workshop noong 2024 upang bumuo ng mga gabay na ito, kung saan dumalo ang mga miyembro ng Lupon bilang mga eksperto sa paksa. Ngayong taon, noong Setyembre 2025, ipinaalam ng POST sa Lupon na nirebisa at inaprubahan na nito ang “Mga Gabay sa Pagkilatis Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan.” Bagama’t ipinapakita ng mga gabay na ito ang progreso, binanggit ng Lupon na wala itong pagkakataon na repasuhin ang huling bersyon ng mga gabay bago ito ipinresenta sa Komisyon ng POST para sa pag-apruba. Inaasahan ng Lupon na masuri ang pinal na bersyon ng mga gabay at ang plano ng POST para sa pagpapatupad nito sa ulat ng 2027, upang matiyak na ang mga gabay ay malawakang ilalapat sa lahat ng kurso sa pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan, gaya ng dating rekomendasyon ng

Lupon. Binanggit din ng Lupon ang kahalagahan ng pagsukat sa bisa ng kurso at pagbibigay ng gabay sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas, at ipinahayag ang interes na ipagpatuloy ang pakikipagtulungan sa POST upang tuklasin ang mga paraan upang makamit ang mga layuning ito.

Dumalo ang mga miyembro ng Lupon sa ikatlong workshop ng POST noong 2025, na nakatuon sa pagbuo ng depinisyon ng “pag-uugaling may pagkiling” para sa layunin ng sertipikasyon ng opisyal, alinsunod sa Assembly Bill 443. Nakipagtulungan ang mga miyembro ng Lupon sa iba pang dumalo sa workshop, na karamihan ay kinatawan mula sa pagpapatupad ng batas, upang tukuyin ang “pag-uugaling may pagkiling” bilang: “Kahit anong kilos o kapabayaang isang opisyal na tagapamayapa, mapa-on duty o off-duty man, na naimpluwensyahan ng pagkiling, direkta man o hindi, laban sa aktwal o pinaniniwalaang protektadong klase o (mga) katangian ng isang tao.” Sa kabila ng pagkakamit ng pagkakasundo sa workshop na ito, pinili ng POST staff na huwag ipresenta ang depinisyon ito sa Komisyon ng POST para sa pag-apruba at sa halip, nagbigay sila sa Komisyon ng dalawang alternatibong depinisyon. Sa huli, inaprubahan ng Komisyon ng POST ang isa sa mga alternatibong depinisyon, na nagsasaad na:

Alinsunod sa Penal Code § 13510.6(a), kapag iniimbestigahan ang anumang reklamo o insidente na naglalaman ng posibleng palatandaan ng pagkiling ng opisyal, dapat tukuyin ng isang ahensyang tagapagpatupad ng batas kung ang iniimbestigahan na kilos ay bumubuo ng ‘pag-uugaling may pagkiling,’ gamit ang sumusunod na depinisyon:

Kasama sa pag-uugaling may pagkiling ang anumang kilos, kabilang ngunit hindi limitado sa kilos online, gaya ng paggamit ng social media, na isinasagawa ng isang opisyal na tagapamayapa sa anumang pakikisalamuha sa publiko, mga unang tumutugon, o mga empleyado ng mga ahensya ng hustisyang kriminal, ayon sa depinisyon sa [Penal Code] § 13101, na udyok ng pagkiling laban sa protektadong klase o katangian ng sinumang tao, na inilarawan sa subdivision (b) ng Seksyon 51 ng Civil Code.

Para sa layunin ng depinisyon ito:

(a) Maaaring magmula ang pag-uugaling may pagkiling sa parehong pasubali at tahasang pagkiling.

(b) Itinuturing na may pagkiling ang kilos kung, batay sa mga katotohanan, magpapasya ang isang makatuwirang tao na may kaparehong pagsasanay at karanasan na ang kilos ng opisyal ay nagmula sa pagkiling laban sa pagiging kabilang ng taong iyon sa isang protektadong uri na inilarawan sa talata (1) ng Penal Code § 13510.6(a).

(c) Hindi kinakailangang aminin ng opisyal ang pagkakaroon ng pagkiling o mapanirang hangarin para maituring na pag-uugaling may pagkiling ang kanyang kilos.

Bagama’t nadismaya ang Lupon na hindi inaprubahan ng Komisyon ng POST ang wika at depinisyon na binuo sa AB 443 workshop, umaasa ito na ang isang tahasang depinisyon ng “pag-uugaling may pagkiling” at pinahusay na pre-employment na imbestigasyon sa background na may kasamang pagtatasa ng pagkiling ay makakatulong sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas na pagbutihin ang kanilang desisyon sa pagre-recruit at mabawasan ang posibleng legal na hamon o pinsala sa reputasyon mula sa pagkuha ng mga opisyal na tagapamayapa na kalaunan ay nasasangkot sa ipinagbabawal na kilos. Umaasa rin ang Lupon na magpapadala ng malinaw at matibay na mensahe ang pagkakaroon ng pagkakaparepareho at malinaw sa mga panloob na imbestigasyon hinggil sa mga alegasyon ng pag-uugaling may pagkiling na hindi ito kukunsintihin sa mga LEA, mapapabuti ang tiwala at pakikipagtulungan ng komunidad, at mahihikayat ang mga opisyal na iulat ang pag-uugaling may pagkiling nang walang takot sa paghihiganti, na nag-aambag sa isang kultura ng pagiging bukas at etikal na pag-uugali.

Pagsusuri sa Programa sa Pagsasanay sa Larangan ng POST

Ngayong taon, sinimulan ng Lupon ang dalawang taong pagsusuri sa Programa sa Pagsasanay sa Larangan ng POST (Field Training Program, FTP). Ang FTP ay pagpapatuloy ng Pangunahing Akademya na layuning tulungan ang paglipat ng isang opsiyal na tagapamayapa sa kanyang paglipat mula sa akademikong pagsasanay o asignaturang custodial patungo sa pagsasagawa ng tungkulin sa uniformed patrol. Ayon sa POST, ang pagsasanay sa larangan ay “ang pinakaepektibong impluwensya sa hinaharap na direksyon ng isang departamento. Dapat tiyakin ng pinuno ng ahensyang tagapagpatupad ng batas at ng kanilang kawani sa pagsasanay sa larangan na ang kanilang FTP ay hindi lamang nagpapaunlad ng kinakailangang teknikal na kasanayan kundi nagpapakita rin ng pilosopiya sa pagpapatupad ng batas ng ahensya at ng komunidad na kanilang pinaglilingkuran.”

Saklaw ng FTP ng POST ang hindi bababa sa 18 pangunahing “mga larangan ng kakayahan,” kabilang ang kaligtasan ng opisyal, paggamit ng puwersa, pagsulat ng ulat, paghalughog at pag-aresto, interbensyon sa krisis, ugnayan sa komunidad, at iba pa. Kasama rin dito ang mga bahagi na may kaugnayan sa pagsasanay tungkol sa pagbabawal sa pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan at ang pagbabawas o pag-aalis ng pagkiling. Itinalaga ang mga bagong opisyal sa isang Field Training Officer (FTO) upang makilahok sa pinangangasiwaang gawaing larangan at totoong sitwasyon sa pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng aktwal na pagtugon sa mga tawag para sa serbisyo. Sinusuri ng FTO ang pagganap ng trainee, at mino-monitor naman ito ng Supervisor, Administrator, o Coordinator ng Programa sa Pagsasanay sa Larangan (Field Training Program Supervisor, Administrator, or Coordinator, FTO SAC) sa pamamagitan ng araw-araw at/o lingguhang mga pagsusuri.

Dahil sa lawak at kahalagahan ng FTP ng POST, rerepasuhin ng Lupon ang programang ito sa loob ng dalawang taon. Ngayong taon, nakatuon ang Lupon sa (a) mga materyales na bumubuo sa FTP ng POST, (b) ang papel ng FTO, at (c) pananaliksik kaugnay sa pagsasanay sa larangan. Nagbibigay ang ulat ng isang pangkalahatang-ideya ng layunin, mga kinakailangan, estruktura, at mga materyales ng FTP. Binuo ng mga eksperto ng DOJ na sina Rebecca Hetey, Ph.D., at Retired Chief Daniel Hahn (Sacramento PD) ang pangkalahatang-ideya na ito matapos nilang suriin ang mga materyales na tinukoy ng POST, ang RIPA na batas at mga regulasyon nito, pati na ang mga alternatibong materyales sa FTP ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga pinakamahusay na kagawian, mga manwal, at mga akademikong artikulo. Batay sa mga materyales na iyon, bumuo ang mga eksperto ng course-rating rubric, na gagamitin ng mga miyembro ng Lupon ng RIPA sa susunod na taon upang itala ang kanilang independiyenteng pagsusuri at komento sa FTP. Bumuo rin ang mga eksperto ng mga tanong para sa field interview para sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas na gumagamit ng mga materyales ng POST FTP, at pagkatapos ay nakipanayam ang mga kinatawan mula sa ilang katamtaman at malalaking LEA sa buong California pati na rin ang mga kinatawan ng POST na nangangasiwa sa FTP, upang maunawaan kung paano ipinapatupad ang mga gabay ng POST FTP sa buong estado. Ibinubuo ng Ulat ng 2026 ang impormasyong ito at binibigyang-diin na susuriin ng mga miyembro ng Lupon ang POST FTP sa susunod na taon, partikular sa mga sumusunod: (1) kung anong mga pamantayan ang itinuturo ng FTP at kung tumutugma ba ang mga ito sa layunin ng RIPA; (2) kung gaano kaepektibo ang mga materyales ng FTP sa pagtatalakay sa posibilidad ng pagkiling at pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan (kasama ang pagsasaalang-alang kung paano natututuhan ng mga trainee ang mga taktika ng pulisya para mabawasan ang pagkiling at ang pakikipag-ugnayan sa komunidad, at kung paano sinusuri ang mga trainee sa pag-aalis ng pagkiling at pakikipag-ugnayan sa komunidad); at (3) kung gaano kaepektibo ang mga materyales at pagsasanay ng FTP sa pagkakaugnay sa pagsasanay sa akademya sa LD 3 (Makatarungang Pagpapatupad ng Batas sa Komunidad) at LD 42 (Pagkakaiba-iba ng Kultura/Diskriminasyon).

Nagtatapos ang kabanatang ito sa pagbibigay-diin na, upang palakasin ang pakikipagtulungan ng Lupon sa POST, dumalo si RIPA Co-Chair Angela Sierra sa pagpupulong ng Komisyon ng POST noong Setyembre 9, 2025, upang ipresenta ang pangkalahatang-ideya ng RIPA, mga halimbawa ng natuklasan sa nakaraang mga Ulat, at pangkalahatang-ideya ng kasalukuyang gawain ng Lupon kaugnay ng Programa sa Pagsasanay sa Larangan, at upang sagutin ang mga tanong at tumanggap ng mungkahi. Bilang karagdagan, makikipagtulungan pa ang Lupon sa POST tungkol sa mga kahilingan para sa mungkahi sa mga panuntunan, regulasyon, at mga kurso sa pagsasanay tungkol sa pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan na kasalukuyang binubuo at ina-update, at umaasa ang Lupon na maisagawa ang mas nakatuon na outreach

sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas at makipagtulungan sa POST upang magbigay ng mas mahusay na access sa mga mapagkukunan na tutugon sa mga alalahanin ng LEA tungkol sa RIPA.⁸

Lehislatibong Update

Nagtatapos ang Ulat ng 2026 sa isang maikling update sa batas na ipinatupad noong 2025 na maaaring makaapekto sa gawain ng Lupon sa pag-aalis ng pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan sa mga estado at lokal na ahensyang tagapagpatupad ng batas. Noong 2025, ipinasa ng Lehislatura ng California ang isang panukalang batas na may kaugnayan sa gawain ng Lupon.

Ipinagbabawal ng Senate Bill No. 734 (2025-2026 Reg. Sess.) ang isang opisyal na tagapamayapa na mapailalim sa parusang aksyon o disiplina batay sa hatol ng korte sa ilalim ng California Racial Justice Act ng 2020 (RJA) at ipinagbabawal din na gamitin ang mga hatol ng korte para sa anumang layunin sa anumang administratibong apela ng parusang aksyon. Dagdag pa, ipinagbabawal ng SB 734 ang Komisyon sa Pamantayan at Pagsasanay ng mga Opisyal na Tagapamayapa (Peace Officer Standards and Training, POST) na i-decertify ang isang opisyal na tagapamayapa batay sa hatol ng korte sa ilalim ng RJA. Gayunpaman, maaaring patawan ng parusang administratibo, disiplina, o pag-aalis ng sertipikasyon ang isang opisyal na tagapamayapa dahil sa mga nakasaad na kilos o paglabag na naging batayan ng hatol ng korte, at puwede ring isaalang-alang ng mga ahensya ang mga aksyon at ebidensyang ginamit ng korte sa paggawa ng hatol sa ilalim ng RJA kapag nagpapasya kung didisiplinahin o aalisan ng sertipikasyon ang isang opisyal.

8 Halimbawa, paulit-ulit na ipinahayag ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ang kanilang pag-aalala na maaaring makilala ang mga opisyal sa pamamagitan ng datos ng RIPA. Gayunpaman, ang mga numero ng pagkakakilanlan ng opisyal ay natatanging impormasyon ng pagkakakilanlan (Cal. Code Regs. tit. 11, § 999.226, subd. (a)(14)) at tinatanggal mula sa mga makukuhang pampublikong datos ng RIPA.